GABAY NA

# PARA SA PANGUNAHING PROGRAMA SA YUNIT

# Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Pagpapakilala sa Pangunahing Programa sa Yunit | 1 |
| Limang Sangkap ng Pangunahing Programa sa Yunit | 3 |
| 1. Organisasyon | 3 |
| 2. Mga Lugar na Pagmimitingan | 4 |
| 3. Kurikulum | 5 |
| 4. Pagtuturo | 6 |
| 5. Mga Talaan at Ulat | 6 |
| Mga Alituntunin at Pag-iingat | 7 |
| Iskedyul ng mga Miting sa Araw ng Linggo | 8 |


**Pamamahagi**

Ang *Gabay na Aklat sa Pangunahing Programa sa Yunit* ay naglalaan ng mga gabay para sa mga lider ng priesthood sa pagbubuo ng mga yunit kung saan nagsisimula pa lang ang Simbahan, nagkalat o iilan lang ang mga miyembro, nagsisimula pa lang ang pamumuno, o may espesyal na pangangailangan sa wika o iba pang bagay ang mga miyembro. Bagama't ang ganitong mga kalagayan ay mas madalas makita sa mga misyon, magagamit din ang Pangunahing Programa sa Yunit sa mga stake na gayon din ang kalagayan, sa pahintulot ng Area Presidency.


Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah



© 2002 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan



Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 2/02
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/02
Tagalog

# Pagpapakilala sa Pangunahing Programa sa Yunit

"Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6).

Noong Kanyang ministeryo sa lupa, simpleng itinatag ng Panginoong Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa mga naniniwala. Pinabuo Niya ang Kanyang mga Apostol ng maliliit na grupo ng mga miyembro na may namumunong lider ng priesthood na tutulong sa kanila.

Ang naunang mga miyembro ng Simbahan ay umunlad at nanagana sa ebanghelyo dahil si Cristo at ang Kanyang mga Apostol ay:

1. Nanatiling nakatuon sa pagtuturo ng mga alituntunin at doktrina ng ebanghelyo.
2. Hinikayat ang mga miyembro na tanggapin ang mga ordenansa at gawin at tuparin ang mga kaugnay nitong tipan.
3. Tinuruan ang mga miyembro na tumulong sa espirituwal at temporal na pangangailangan ng isa't isa.
4. Pinanatiling simple ang organisasyon.

Gayunding mga alituntunin ng organisasyon at pangangasiwa ang ginawa ng mga pinuno ng Simbahan sa Aklat ni Mormon. "At sa gayon humayo sina Alma at Amulek, at ang marami pa rin sa mga napili para sa gawain, upang ipangaral ang salita sa lahat ng dako ng buong lupain. At ang pagtatatag ng simbahan ay naging pangkalahatan sa lahat ng dako ng lupain" (Alma 16:15).

Gayunding mga alituntunin ang ginawa sa mga unang taon ng pagpapanumbalik ng Simbahan. Mas napaglilingkuran ang mga miyembro ng Simbahan ngayon sa pamamagitan ng pagsunod sa gayunding mga alituntunin ng organisasyon at pangangasiwa.

Sa pahintulot ng Area Presidency, magagamit ang Pangunahing Programa sa Yunit para sa pagtatatag at pagbubuo ng Simbahan sa mga pook ng daigdig kung saan:

1. Nagsisimula pa lang ang Simbahan.
2. Nagkalat ang mga miyembro.
3. Kakaunti ang mga miyembro at nagsisimula pa lang mabuo ang pamumuno.
4. Hindi pa nabubuo ang mga ward at stake.
5. May espesyal na pangangailangan sa wika o iba pang bagay ang mga miyembro.

Sa pagsang-ayon ng Area Presidency, magagamit din ang Pangunahing Programa sa Yunit sa mga lugar na gayundin ang mga kalagayang umiiral sa mga stake.

Kapag naitatag ang Simbahan sa ganitong mga kalagayan, ang mga miyembro ay binubuo sa maliliit na grupong tinatawag na mga branch.

Ang mga gabay para sa Pangunahing Programa sa Yunit ay nasa lathalaing ito at sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (aytem bilang 31180 893), *Gabay na Aklat ng Sangay* (31179 893), *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* (31178 893), at *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893). Kapag ganap nang nabuo sa mga stake at ward ang mga yunit, dapat nilang gamitin ang *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan* (35205 893 at 35209 893).

# Limang Sangkap ng Pangunahing Programa sa Yunit

"At ngayon, masdan, sinasabi ko sa iyo na ikaw ay magtungo sa mga Lamanita at mangaral ng aking ebanghelyo sa kanila; at yayamang kanilang tinatanggap ang iyong mga turo ipangyari mong maitatag ang aking simbahan sa kanila" (Doktrina at mga Tipan 28:8; tingnan din sa 33:5–6).

## 1. Organisasyon

### Mag-anak



Ang mag-anak ang pangunahing yunit ng Simbahan. Matatagpuan ninyo ang mga tagubilin tungkol sa mag-anak at pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*.

### Branch



Kapag may dalawa o higit pang mag-anak sa lugar, at kahit isa lang sa mga miyembro ang marapat na priest sa Aaronic Priesthood o kaya'y marapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood, maaari nang bumuo ng isang branch. Maaaring mabuo ang branch sa simpleng paraan kung saan tanging branch president ang nangangalaga sa mga miyembro sa pamamagitan ng pagdalaw sa kanilang mga tahanan at paghikayat sa kanila sa kanilang mga tungkulin. Sa mga kalagayang ito, sakrament miting at pagtuturo ng ebanghelyo lang ang idinaraos sa branch, na ginagamit ang mga banal na kasulatan at manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893) o manwal na *Gospel Fundamentals* (31129). Tingnan ang Iskedyul A sa pahina 8.

Kapag dumami na ang mga miyembro at may mga mamumuno na sa branch, dapat nang buuin ang korum ng mga elder. Sa gayo'y maaari nang gamitin ng branch president ang ibang mga maytaglay ng priesthood para tumulong sa pangangalaga sa mga miyembro sa pamamagitan ng home teaching. Sa pagtuturo ng ebanghelyo tuwing Linggo, dapat magdaos ng miting ng priesthood, gayundin ng pinagsamang miting ng mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata. Tingnan ang Iskedyul A sa pahina 8.

Habang patuloy ang pagdami ng mga miyembro at ng mga mamumuno, at kung may mga lugar na pagmimitingan, maaari nang buuin ang mga korum ng Aaronic Priesthood at ang mga auxiliary ng Relief Society, Primary, Young Women, at mga Sunday School. Idinaraos ang mga klase sa pagtuturo ng ebanghelyo tuwing Linggo ayon sa makikita sa Iskedyul B at C sa mga pahina 8 at 9.

Bilang buod, nagsisimula ang programa sa isang tao o mag-anak. Pagkatapos ay mabubuo ang isang branch. At habang lumalago ang bilang at lakas ng mga maytaglay ng priesthood at dumarami ang mga miyembro, maaari nang buuin ang mga korum ng priesthood pati na ang mga auxiliary.

Matatagpuan ang mas detalyadong mga tagubilin sa pagtatatag, pagbuo, at pangangasiwa ng branch sa *Gabay na Aklat ng Sangay* at sa *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan*.

## 2. Mga Lugar na Pagmimitingan

Ang mga family home evening, na ipinaliliwanag sa Gabay na Aklat ng Mag-anak, ay idinaraos sa mga tahanan ng mga miyembro.

Ang mga miting ng branch ay idinaraos sa isang tahanan, inuupahang gusali, o gusaling pag-aari ng Simbahan. Ang panguluhan ng misyon ay makapagbibigay ng impormasyon sa pagkuha at pagpapanatiling maayos sa isang lugar na pagmimitingan ng branch, gaya ng ipinaliliwanag sa *Gabay na Aklat ng Sangay*.



*Ang mga miting ng branch ay idinaraos sa isang tahanan, inuupahang gusali, o gusaling pag-aari ng Simbahan.*

## 3. Kurikulum

Naglalathala ang Simbahan ng mga materyal sa kurikulum para sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa tahanan at sa mga yunit ng Simbahan. Ang mga materyal na ito ay batay sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Tinutulungan ng mga ito ang mga miyembro na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo. Ginagabayan din nito ang mga miyembro sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga apostol at propeta sa mga huling araw.

Ang mga unang materyal na isinalin sa wika ay ang manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (o manwal na *Gospel Fundamentals*) at ang *Mga Mensahe ng Unang Panguluhan* at *Mga Mensahe sa Visiting Teaching*. Habang patuloy na lumalago ang Simbahan, may nagagamit nang mga banal na kasulatan, iba pang materyal sa kurikulum, at mga magasin ng Simbahan.

Kapag lumago ang Simbahan sa puntong nagdaraos na ng mga klase ng priesthood at auxiliary, ang mga sumusunod na materyal sa kurikulum ay maaaring gamitin kung mayroon na nito:

| | |
|---|---|
| Melchizedek Priesthood at Aaronic Priesthood | *Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi A*<br>*Mga Tungkulin at Biyaya ng Pagkasaserdote, Bahagi B* |
| Relief Society at Young Women | *Ang Babaeng Banal sa mga Huling Araw, Bahagi A*<br>*Ang Babaeng Banal sa mga Huling Araw, Bahagi B* |
| Primary | *Primarya 3: Piliin ang Tama B*<br>*Primarya 4: Aklat ni Mormon* |
| Sunday School | *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (o *Gospel Fundamentals*) |
| Ang mga banal na kasulatan, *Gabay na Aklat ng Mag-anak*, *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan*, *Gabay na Aklat sa Pagtuturo*, *Mga Mensahe ng Unang Panguluhan*, *Mga Mensahe sa Visiting Teaching*, at *Mga Himno at Awiting Pambata* ay maaaring gamitin para makatulong sa mga materyal sa kurikulum na nakalista sa itaas kung kinakailangan. | |

Ang taon ng kurikulum ay nagsisimula sa buong mundo sa Enero 1. Ang mga materyal sa kurikulum kasama ang mga tagubilin ay ibinibigay kapag nabuo ang isang branch at taun-taon na simula sa oras na iyon.

## 4. Pagtuturo

Mahalaga ang pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan at sa mga miting ng Simbahan para sa espirituwal na paglago at sa pagpapalakas ng sariling patotoo. Lahat ng miyembro ng Simbahan ay mga guro, maging sila man ay mga magulang, lider, mga tagapagturo sa klase, o mga home teacher o visiting teacher.

Ang tahanan ang dapat maging sentro ng pagtuturo ng ebanghelyo. Ang tahanan ay pinatitibay ng pagtuturo at pagkatutong nagaganap sa mga miting ng Simbahan.

Sabi ng Panginoon: "At binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian. Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong maunawaan" (D at T 88:77–78).

Matatagpuan ninyo sa *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* ang mga alituntuning tutulong sa inyong maituro ang ebanghelyo nang simple, maganda, at epektibo.

## 5. Mga Talaan at Ulat

Inutusan ng Panginoon ang Simbahan na magtago ng mga talaan. Apat na uri ng talaan ang itinatago sa branch: mga talaan sa pananalapi, talaan ng mga miyembro, talaan ukol sa kasaysayan, at ulat sa pag-unlad ng miyembro.

Ibinibigay ang mga materyal sa pag-iingat ng talaan kapag binubuo ang isang branch. Ang tagubilin sa pagtatago ng mga talaan at pagkumpleto at pagsusumite ng mga ulat ay ibinibigay din sa patnubay ng mission president. Dapat maingat na pangalagaan ng mga nangangasiwa sa mga sagradong dokumentong ito ang kumpidensyal na impormasyon sa mga talaan ng Simbahan.

Makikita ninyo ang mas marami pang impormasyon tungkol sa mga talaan at ulat ng Simbahan sa *Gabay na Aklat ng Sangay*.

# Mga Alituntunin at Pag-iingat

"At tiyakin na ang lahat ng bagay na ito ay gagawin sa karunungan at kaayusan; sapagkat hindi kinakailangan na ang tao ay tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas" (Mosias 4:27).

Ang mga sumusunod na alituntunin at pag-iingat ay mahalaga para magtagumpay ang Pangunahing Programa sa Yunit.

**1. Hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo sa lahat ng ginagawa ninyo.** Gagabayan ng Espiritu Santo ang mga magulang, lider ng branch, at guro para malaman ang gagawin at kung paano ito gagawin. Mapagpakumbaba at taos-pusong manalangin para sa Kanyang patnubay. Maingat na pag-isipan ang isang isyu, manalangin nang taos at magpasiya kung ano ang gagawin, at hangarin ang pagpapatibay ng Espiritu Santo tungkol sa tamang gawin. Ipauunawa Niya ito sa inyong isipan at puso, at ihahayag kung ano ang dapat ninyong gawin.

"Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (D at T 112:10).

"Oo, masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso. Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag" (D at T 8:2–3).

**2. Ituro ang mga pangunahing alituntunin at doktrina ng ebanghelyo.** Basahin ang Mosias 18:18–30. Tandaan kung paano itinuro ang mga pangunahing alituntunin at doktrina noong panahon ni Alma.

**3. Tumuon sa mga ordenansa at tipan.** Tulungan ang mga miyembro na (1) unawain at tanggapin ang mahahalagang ordenansa ng priesthood at (2) gawin at tuparin ang kaugnay na mga tipan.

**4. Itatag muna ang priesthood at ang mga katungkulan nito.** Gawin muna ito bago buuin ang mga programa ng auxiliary na Relief Society, Primary, Young Women, o Sunday School. Huwag magmadali. Mas malilinang ang pamumuno ng priesthood kapag tumutugma ang mga materyal ng Simbahan sa mga pangangailangan ng mga miyembro. Humihina ang pamumuno kapag masyadong mabilis ang pagdami ng mga organisasyon, miting, at programa.

# Iskedyul ng mga Miting sa Araw ng Linggo

Dapat makipag-ugnayan at linawin ng mga mission president sa Area Presidency ang tungkol sa gamit ng iskedyul ng mga miting.

## Iskedyul A ng mga Miting sa Araw ng Linggo

Para sa mga branch kung saan mag-isang nagdaraos ng Melchizedek Priesthood ang branch president o kaya'y siya ang priest sa Aaronic Priesthood. (Kapag may natawag nang pangulo ng korum ng mga elder, ang istruktura ng pagtuturo ng ebanghelyo ay nagbabago tulad ng sumusunod: lahat ng maytaglay ng priesthood ay sama-samang nagmimiting, at gayundin ang lahat ng kababaihan, kabataang babae, at mga bata.)

| |
|---|
| Sakrament miting |
| Miting sa pagtuturo ng ebanghelyo para sa mga nasa hustong gulang, kabataan, at mga bata |

## Iskedyul B ng mga Miting sa Araw ng Linggo

Para sa mga branch na may sapat na bilang ng mga miyembro para makabuo ng mga korum ng priesthood at ilang organisasyon ng auxiliary.

<table>
<tr><td colspan="3">Sakrament miting</td></tr>
<tr><td colspan="2">Sunday School (mga kabataang 12 anyos pataas at mga nasa hustong gulang)</td><td rowspan="2">Primary (mga batang 3–11 anyos)</td></tr>
<tr><td>Miting ng priesthood</td><td>Miting para sa mga kababaihan at kabataang babae</td></tr>
</table>

## Iskedyul C ng mga Miting sa Araw ng Linggo

Para sa mga branch na may sapat na bilang ng mga miyembro para lumikha ng karamihan o kaya'y lahat ng korum ng priesthood at organisasyon ng auxiliary at mayroong mga pinuno at lugar na pagmimitingan.

<table>
<tr><td colspan="5">Sakrament miting</td></tr>
<tr><td colspan="4">Sunday School (mga kabataang 12 anyos pataas at mga nasa hustong gulang)</td><td rowspan="3">Primary (mga batang 3–11 anyos)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Pambungad na mga gawain</td><td>Pambungad na mga gawain</td><td>Pambungad na mga gawain</td></tr>
<tr><td>Melchizedek Priesthood</td><td>Aaronic Priesthood</td><td>Relief Society</td><td>Young Women</td></tr>
</table>

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02367 17893 2
36717 893